# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

# 1200 Spiritual Warfare ©
**Conrad Jun Tolosa**
Revised November 4, 2021

### SW1205. Mga Sandata sa Pakikibakang Espirituwal

Bilang mga kawal ng Diyos na nakikipaglaban sa mga rulers and principalities of the air, sinasabi sa atin ng *Ephesians 6:10-11* na nararapat tayong maging matatag at manghawak sa kapangyarihan ng Panginoon, suot ang full armor ng Diyos upang mapaglabanan ang mga atake ni Satanas. Kinakailangan natin ang full armor of God para hindi tayo mabuwal pagdating ng enkuentro.

Ang armor ay pangdepensa laban sa mga offensive moves ng mga kaaway. Mula sa verse 14 hanggang 18 mapag-aalaman ang mga bahagi ng ating armor:

- Belt ng katotohanan - Nasabi natin na ang tanging sandata ni Satanas ay kasinungalingan. Kaya ang tanging pang-contra dito ay katotohanan. Hindi natin malalaman ang kasinungalingan kung hindi natin alam ang katotohanan. Ang totoo ay yaong sang-ayon sa salita ng Diyos. Ang unang buweltang ginawa ni Cristo nang tuksuhin Siya ng diablo sa ilang ay nagmula sa salita ng Diyos: *Ang tao ay hindi lamang mabubuhay sa tinapay kundi sa bawat salita na nagmumula sa Diyos*.
- Breastplate ng katuwiran – Ang katuwiran ay ang paggawa ng tama. Ang tama ay yaong sang-ayon sa kalooban ng Diyos. Kailangang alam natin ang kalooban ng Diyos upang malaman natin kung ano ang mali na hindi natin dapat gawin. Kapag tinamaan tayo sa dibdib, malamang na tapos na ang laban. Tama ang pangalawang buweltang ginawa ni Cristo Jesus sa ilang. Ginamit niyang muli ang salita ng Diyos sapagkat ito ang kalooban ng Diyos para panlaban sa atake ng diablo: *Huwag mong susubukan ang Diyos*.
- Shield ng pagtitiwala – Ang pagtitiwala natin ay dapat na nakatayo at nakasandal sa salita ng Diyos. Ito ang ating pinaninindigan at sandigan. Sa huli, salita pa rin ng Diyos ang pinambuwelta ni Cristo sa tukso ni Satanas: *Diyos lamang ang iyong sasambahin at paglilingkuran*.
- Helmet ng kaligtasan – Ito ay protection para sa ating ulo at isipan. Kung wala tayong kasiguruhan ng kaligtasan, madali tayong malalansi ni Satanas upang mahilo tayo sa laban at tuluyang magapi. Dapat na wala tayong alinlangan sa pangakong kaligtasan ni Cristo na hinding-hindi Niya tayo iiwan o itatakwil magpakailan pa man.
- Sword ng Espiritu, ang salita ng Diyos. Ang tabak na hawak natin ay ang salita ng Diyos na nagsisilbing pang-defense at pang-offense. Kailangan na kabisado natin ito.
- Ang atin namang mga paa ay offensive weapon din. Dapat naka-condition para sa pagsulong ng ebanghelyo ng kaligtasan sa pamamagitan ni Cristo.
- Ang panalangin ang isang pang mabisang offensive weapon natin (*Ephesians 6:18; Luke 11:1-13; Matthew 21:22; 1 John 5:14; Psalms 66:18-19; John 14:13; 1 Thessalonians 5:16-18*). Wala dapat tayong alinlangan na ang Diyos ay laging handang makinig sa ating panalangin. Hindi Siya kailan man nagiging abala sa anumang bagay para makaligtaan Niya ang ating panalangin. Mahalaga ang pananalangin para sa atin dahil araw-araw ay nakararanas tayo ng espirituwal na pakikibaka. Kaya sinabi sa atin na tayo dapat ay laging alerto, manalangin ng lahat ng uri ng panalangin para sa mga

hinirang. Tinuruan tayo ng Panginoong Jesus ng tamang pamamaraan ng pananalangin. Dapat na tayo ay maging persistent sa ating pananalangin sapagkat ito ay may mabuting bunga kung saan sinabi na ang sino mang hihingi ay makatatanggap, ang sino mang maghahanap ay makasusumpong at ang sino mang kakatok ay pagbubuksan ng pinto. Siguruhin din nating walang kasalanan na magiging hadlang sa ating pananalangin na magiging sanhi upang hindi tayo tugunin ng Diyos. Nakasaad din na tayo ay dapat manalangin na may pagtitiwala at pag-asa na tutugunin ng Diyos ang ating panalangin ayon sa Kanyang kalooban, sapagkat ipagkakaloob sa atin ang ano mang hilingin natin sa pangalan ni Jesus upang maluwalhati Niya ang Diyos Ama. Sa larangan ng panalangin, kinakailangan na ang mananampalatayang nakikibaka ay aral kay Cristo; siya ay nabubuhay sa walang patid na pagdarasal. Ang kanyang pakikibakang panalangin ay may paninindigan, walang hadlang, at binibigkas sa ngalan ni Cristo

May tatlong haligi ang pananaw ng isang makadiyos na mandirigma: ang totoo, mabuti at tama. Ang totoo ay yaong sang-ayon sa salita ng Diyos. Ang mabuti ay yaong nagbibigay kasiyahan sa Diyos. At ang tama ay yaong sang-ayon sa kalooban ng Diyos. Kapag ang isang mandirigma sa larangan ng spiritual warfare ay hindi maayos ang pag-intindi sa salita ng Diyos, kapag hindi niya alam kung paano bigyang lugod ang Diyos at kung hindi siya bihasa sa pagsasagawa ng mga prinsipyong nakalatag sa salita ng Diyos, nararapat na mag-aral at magsanay muna siya upang siya ay makasangkapanan at maihanda sa tagumpay. Kung hindi paiilot-ikutin lang ng kaaway ang iyong pag-iisip.

Sa *2 Corinthians 10:3-5* sinasabi na *maski na tayo ay nasa mundo, hindi tayo nakikipagdigma tulad ng pamamaraan ng mundo. Ang ating mga sandata ay hindi sandata ng mundo. Bagkos, ang mga ito ay mayroong makadiyos na kapangyarihan na nakapagpapabagsak ng mga bulwarke. Dinudurog natin ang mga argumento at bawat pagkukunwari na nagtataas ng sarili laban sa karunungan ng Diyos, at binibihag natin ang bawat isipin, idea o kuro-kuro upang pasunurin ito kay Cristo.* Samakatuwid, ang labanang espirituwal ay labanan sa puso't isipan ng tao. Totoo laban sa kasinungalingan, mabuti laban sa masama, tama laban sa mali. Ang ugali at pagkilos ng tao ay sumusunod lamang sa kanyang pananaw sa buhay at mundo. Kaya nga ang labanang ito ay nagaganap sa bukirin ng iba't ibang pilosopiya o belief and value systems na kathang-isip ni Satanas, maging ito man ay sa larangan ng *Cosmology, Ontology, Epistemology, Ethics, Logic, Aesthetics, Political Science, Social Studies* o *Economics*. Pinatutunayan natin na mayroong totoong version at di-totoong version sa bawat sangay ng kaalamanan. Ang sabi nga ni Apostol Pablo sa Colossians 2:8 ay *siguruhin natin na wala sa ating mabibihag sa pamamagitan ng hungkag at mapanlinlang na mga pilosopiya, na nakabatay lamang sa tradisyon ng tao at mga prinsipyo ng mundong ito at hindi galing kay Cristo.* Pagkatapos, sinabi naman niya sa Romans 12:2 na *huwag na tayong makiayon sa takbo ng mundo, bagkos ay magbago tayo sa pamamagitan ng pagsasariwa ng ating isipan upang mapatunayan at maaprubahan natin kung ano ang kalooban ng Diyos - - yaong mabuti, kasiya-siya at perfectong kalooban.*

Sa 2 Timothy 2:22-26, ang mga sandata natin sa espirituwal na pakikibaka ay pananampalataya, pag-ibig, at kapayapaan. Hindi tayo sumasabak sa mga argumento na nagbubunga ng mga pag-aaway. Kundi, tayo ay nagpapakita ng kabaitan at nagtuturo. Ang mga lumalaban sa atin ay kinakausap at itinutuwid natin ng may kahinahunan sapagkat tayo'y umaasa na sila ay magigising din at makakawala sa bitag ng diyablo at magkakaroon ng masunuring puso kay Cristo.

Sa John 8:31, sinasabi ni Cristo sa mga nananalig sa Kanya na, *Kung mananangan kayo sa katuruan Ko, alagad Ko nga kayong tunay. Malalaman ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya*

*sa inyo*. Tayo ay lumalaban upang magtagumpay at gawing bihag ang bawat kaisipang salungat sa katuruan ng Diyos. Ang tagumpay sa digmaang espirituwal ay ang pagpapalaya ng puso't isipan ng mga mananampalataya mula sa pagkakabihag nila sa dominyon ng kadiliman. Ang bawat lugar na napagtatagumpayan ng mga mananampalataya ay magsisilbing liwanag at gabay tungo sa kasaganaan.

## I. Multiple choice

1. Ang mga mananampalataya ay parang mga kawal na nakikipaglaban
   a. sa mga masasamang tao
   b. sa mga pinuno, sa mga may kapangyarihan, sa mga tagapamahala ng kadilimang umiiral sa sanlibutang at sa himpapawid
   c. sa mga tikbalang, mga kapre, mga manananggal

2. Ang armor ay pangdepensa laban sa mga defensive moves ng kaaway.
   a. True
   b. False

3. Ang shield ng pagtitiwala ay may kinalaman sa pagtitiwalang nakasandal sa
   a. Sariling sikap
   b. Tulong ng iba
   c. Salita ng Diyos

4. Upang maging kagamit-gamit ang belt ng katotohanan, kinakailangang alam natin ang katotohanan at ito ay yaong nagbibigay kaluguran sa Diyos.
   a. True
   b. False

5. Ang sandata ni Satanas ay kasinungalingan.
   a. Kaya kung alam natin ang katotohanan, malalaman natin ang kasinungalingan.
   b. Kaya ang tanging pang-contra sa kasinungalingan ay katotohanan.
   c. All of the above

6. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Ang helmet ng kaligtasan ay dapat isuot sa ulo upang di ito mabagok.
   b. Ang helmet ng kaligtasan ay protection para sa ating ulo at isipan.
   c. Ang helmet ng kaligtasan ay may kinalaman sa kasiguruhan ng kaligtasan upang di tayo malansi ni Satanas.

7. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Ang katuwiran ay ang paggawa ng tama.
   b. Malalaman natin ang mali na di natin dapat gawin kung alam natin ang kalooban ng Diyos.
   c. Ang tama ay yaong ayon sa salita ng Diyos.

8. Ang salita ng Diyos ay ang tabak na hawak natin kaya mahalagang ito ay kabisado natin.
   a. True
   b. False

9. Ang ating mga paa ay dapat naka-condition sa pasusulong ng ebanghelyo ng kaligtasan.
    a. True
    b. False

10. Ang pananalangin, ang salita ng Diyos at ang mga paa na handang humayo ay mga offensive weapons natin
    a. True
    b. False

11. Ang kasalanan ay hindi nagiging hadlang sa ating pananalangin sapagkat tayo'y makasalanan.
    a. True
    b. False

12. Ang mga pilosopiya na nakabatay lamang sa tradisyon ng tao at mga prinsipyo ng mundo ay maaaring makatulong sa atin.
    a. True
    b. False

13. Ang labanang spiritual ay labanan para sa puso't isipan ng tao.
    a. True
    b. False

14. Ang pananaw ng tao sa buhay at mundo ay makikita sa kanyang ugali at pagkilos.
    a. True
    b. False

15. Malalaman natin ang katotohanan sapagkat mayroon tayong sariling karunungan na magpapalaya sa atin.
    a. True
    b. False

## II. Short Essay (250 words – 20 points)

Paano ka nakararanas ng spiritual na pakikibaka sa araw-araw?

© Revised: November 4, 2021 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.